**Pamagat**: Bahagi ng Biblical na Kaligtasan: Pagkokonsagra o Pagpapabanal (Sanctification)

**Bible text**: 1 Thess. 5:23 "And the very God of peace sanctify you wholly; and I pray God your whole spirit and soul and body be preserved blameless unto the coming of our Lord Jesus Christ."

> *Pagsasalin*: Ngayon, ang Diyos ng kapayapaan mismo nawa ang siyang magpaging-banal sa inyo nang ganap. Ang inyong espiritu at kaluluwa at katawan ay maingatang buo na walang kapintasan hanggang sa pagdating ng ating Panginoong Jesucristo.

**Panimula**:

1. Ang Sanctification o Pagkokonsagra ay madalas na napapsailalim ng maling turo.
2. Sa isang dulo mayroong false teaching na tinatawag na "Perfectionism" (hindi na maaring magkasala ang Christiano), at sa isa naming dulo naman ay ang "Losing Salvation" (maaring mawalan ng kaligtasan ang Christiano dahil sa kanyang mga kasalanan).
3. Ang salitang "banal" o "sagrado" ay galing sa Hebrew at Greek na nangangahulugang: itinatabi o inilalaan o hinihiwalay o binubukod.
    - 3.1. Wala itong ukol sa kasalanan. (Ang altar ay pwedeng i-sanctify, Exo. 40:10-11; Ang mga pari ay maaring i-sanctify, Exo. 19:22; Mga panganay na anak, Exo. 13:2; Maaring i-sanctify ng tao ang sarili niya para gumawa ng kasalanan, Isa. 66:17; Si Cristo ay sinactify ng Ama, Jn. 10:36; Ang asawa ng isang mananampalataya ay sanctified, 1 Cor. 7:14; Ang Dios ay maaring isanctify sa puso natin, 1 Pet. 15)
    - 3.2. Ang Biblical na kahulugan ng Sanctification ay pag-tatabi o pag-hihiwalay.

Ang Biblical na Sanctification ay mayroong tatlong aspeto at ito ang bibigyan nating pansin ngayon.

## I. <u>Ang Positional Sanctification (Katayuan) ng Mananampalataya</u>.

- A. Ito ang kondisyon natin KAY Cristo (Who we are In Christ).
- B. Ang turing ng Dios sa atin, dahil kay Cristo ay banal. (Acts 26:18; 1 Corinthians 1:30; 6:11; 2 Thessalonians 2:13; 1 Peter 1:2)
- C. Ito ay ang kalagayan ng mananampalataya mag-pakailanman (Hebrews 10:14)
- D. Paalala: Hindi ito dahil sa ating mga mabubuting gawa. Ito ay dahil sa grasya ng Dios at sa dugo ng Panginoong Jesus. (Hebrews 13:12)

## II. <u>Ang Practical Sanctification (Kalagayan) ng Mananampalataya</u>.

- A. Ang layunin ng Dios para sa mananampalataya ay gawin tayong katulad ng Panginoong Jesus. (Romans 8:29, 12:2; Philippians 3:10)
- B. Ito ay isang proseso.
- C. Ito ay patungkol sa araw-araw na gawa ng Dios sa buhay ng Christiano.
    - C.1. Ang Salita ng Dios ay ang pangunahing kagamitan. (Jn. 17:17, 19; Ephesians 5:26)
    - C.2. Ito ay patungkol sa paglakad natin at paglingkod natin sa Panginoon. (Psalm 119:37; 1 Thessalonians 4:1-7; 2 Timothy 2:19-22; 2 Peter 3:17,18)
    - C.3. Ito ay patungkol sa tamang pag-iisip ng sarili. (Romans 6:11,12, 19-22)

## III. <u>Ang Permanent Sanctification (Kasakdalan) ng Mananampalataya</u>.

- A. Sa kasalukuyan ang mananampalataya ay na sa mundo, pero hindi siya dapat na maging kasapi sa mundong ito. (John 15:19; 16:33; 1 John 2:15-17)
- B. Balang araw, sa Rapture (pag-balik ng Panginoon sa ulap para hakutin ang mga believers) o sa kamatayan, tayo ay mapupunta sa piling ng Panginoon mag-pakailanpaman, at ito ay ang perfect sanctification na ninanais natin bilang mananampalataya. (Philippians 1:6; 3:20-21; 1 Thessalonians 3:12, 13; 5:23; 1 John 3:2)